# MGA KAGAMITAN SA PAGTUKOY NG MGA YAMAN NG PAMAYANAN
## *(Tools for Community Assets/Resources Identification)*

1. Pagguhit ng **Mapang Pisikal ng pamayanan:** mapa ito sa kabuuan ng pamayanan na ipinapakita ang heograpikal, politikal na hatian ng pamayanan, mga lugar ng kabahayan at, mga lugar kung saan naroroon ang mga susing pagkakakilanlan ng pamayanan (tulad ng bundok, gubat, ilog, bukid, taniman, sementeryo, makasaysayang lugar at/o palatandaan at iba pa).

2. Pagguhit ng **Mapa ng mga Yaman ng pamayanan:** ang mapang ito ay panibagong mapa na nakaalinsunod sa mapang pisikal ng pamayanan o di kaya ay maaaring ipaloob sa mapang pisikal ng pamayanan na nagpapakita ng mga yaman ng pamayanan. Ang mga yamang ito sa kabuuan ay maikakategorya sa mga **Yamang Likas** at mga **Yamang Hindi-Likas**.

Ang mga **Yamang Likas** ay katulad ng mga sumusunod: mga bundok, gubat, ilog, bukid, taniman at, iba pa. Mahalagang tukuyin kung anu-ano ang mga tiyak na yaman (katulad ng mga ibon, prutas, isda, hayop, halaman, produkto, hilaw na materyales, at iba pa) na mayroon sa mga yamang likas na natukoy.

Samantala, sa mga **Yamang Hindi-Likas** ay katulad ng mga sumusunod: mga paaralan, centers, tanggapan ng mga institusyon o grupo, mga pagawaan at iba pang pasilidad.

3. Pagguhit ng **Mapa ng mga Institusyon/Grupo** na nasa pamayanan

| Institusyon/ grupo | Serbisyo | Pasilidad | Mga kagamitan | Kasanayan/ kahusayan | Mga Naging Kahinaan | Mga kaugnayang grupo | Mga Posibleng Serbisyo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |